Republic of the Philippines
**Department of Education**
CORDILLERA ADMINISTRATIVE REGION

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECORDS SECTION REGIONAL OFFICE - CAR
RECEIVED
OCT 24 2022
BY: TIME:

**PABATID**

Blg. 100 . 2022

October 20, 2022
In compliance with DepED Order (DO) No. 8, s.2013
this advisory is issued not for endorsement per DO 28, s.2001,
but only for the information of DepED officials,
personnel/ staff, as well as concerned public.
(Visit: *www.deped.gov.ph*)

**PAANYAYA PARA SA IKAWALONG PANDAIGDIGANG WEBINAR-WORKSYAP NG SAMAHAN NG MGA GURO SA INTELEKTUWALISASYON NG FILIPNO (SAGIF)**

Ang **Samahan ng mga Guro sa Intelektuwalisasyon ng Filipno (SAGIF)** sa Lungsod ng Naga (Camarines Sur) ay magdaraos ng Ika-8 Pandaigdigang Webinar- Worksyap sa Filipino na may temang **" Orag, Rigmat, at Agimat ng Kulturang Popular sa Multidisiplinaryo at Interdisiplinaryong Perspektiba ng Pagtututro at Pakikibaka"** na magaganap sa ika-3-6 ng Agosto 2023.

Kaugnay nito, hinihikayat ang mga guro at/o edukador sa antas ng elementarya hanggang Senior High School na dumalo at makilahok sa makabuluhang gawaing ito. Ang mga nagnanais makilahok ay maaaring makipag-ugnayan sa teleponong 09399042269 o sa email address na b_bical@yahoo.com.

Para sa karagdagang katanungan at paglilinaw, tingnan ang kalakip na paanyaya.

Ang madalian at malawakang pagpapalaganap sa Pabatid na ito ay gabayan.

**ESTELA P. LEON-CARIÑO EdD, CESO IV**
Director IV/Regional Director

CLMD/RCA/ttd

**nahan ng mga Guro sa Intelektuwalisasyon ng Filipino (SAGIF)**
**Lungsod Naga**
**SEC Company Reg. No 202108002154201**
**Telephone number (054) 884-0985**

18 Oktubre 2022

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECEIVED
RECORDS SECTION REGIONAL OFFICE - CAR
OCT 18 2022
BY: TIME:

**Kgg. ESTELA L. CARIÑO**
*Direktor*
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyong CAR

Direktor Cariño:

Mapagpalang araw.

Ang ***Samahan ng mga Guro sa Intelektuwalisasyon ng Filipino (SAGIF)*** sa Lungsod Naga (Camarines Sur) ay magdaraos ng **Ika-8 Pandaigdigang Webinar-Worksyap** sa Filipino na may temang *"Orag, Rigmat, at Agimat ng Kulturang Popular sa Multidisiplinaryo at Interdisiplinaryong Perspektiba ng Pagtuturo at Pakikibaka"* na magaganap sa **ika-3-6 ng Agosto 2023.**

Layunin ng webinar-woksyap ang sumusunod: **(1)** maitampok ang konteksto ng kulturang popular sa ika-21 siglo, **(2)** maibahagi ang gampanin ng pamimilosopiya sa pagtuturo ng kulturang popular, **(3)** maipakita ang malikhain at inobatibong pagtuturo ng kulturang popular sa medyor, **(4)** maituro ang mga praktikal na teknik sa pagsulat ng mga kuwentong pambata at ang relasyon nito sa malawakang pagtangkilik ng mga mambabasang pinag-uukulan nito, **(5)**) maipaliwanag ang koneksiyon ng kulturang popular sa pagsusulat ng panitikan, **(6)** maisalaysay ang kultural na danas bilang kongkretong halimbawa ng kulturang popular, **(7)** mapag-usapan ang kaugnay na sikolohiya sa usapin ng kulturang popular, at **(8)** makapagbasa ng papel-pananaliksik at makapagpakitang-talento at talino ang kaguruan ng/sa Filipino.

Hinihikayat ang **mga guro at/o edukador sa antas ng elementarya hanggang *Senior High School*** na mapahintulutang makadalo at makalahok sa makabuluhang gawaing ito. Kalakip ng sulat na ito ang mekaniks at/o tuntunin sa pagbabayad at ang programa. Kaugnay nito, hinihiling ng aming samahang makakuha ng ***memo at/o advisory*** ng inyong pag-endoso o **pabatid o *announcement*** man lamang kaya para sa gawaing ito. Mulang 2020 ay hindi naman po naglalabas ng panawagan ang *NEAP* para sa *DepEd* at *non-DepEd entity* kaya nawa sa pamamagitan ng inyong opisina ay makarating ito sa mga guro sa antas ng batayang edukasyon para sila ay anyayahang makadalo.

Nawa'y magkaroon ng positibong tugon ang sulat na ito sa pagpapatuloy at pagpapaalab ng de-kalidad na edukasyon lalo na't pagpapalakas sa wikang Filipino. Sa karagdagan at iba pang tanong at paglilinaw, maaari pong makipag-ugnayan sa teleponong **09399042269** o sa email address na **b_bical@yahoo.com.**

Dalangin po namin ang inyong positibong pagtugon.

Salamat po.

Lubos na gumagalang,

**VASIL A. VICTORIA, PhD**
Punong Tagapamahala ng Gawain